

Demonolohiya

Pisikal Na Kalalagayan



...tulong ng Panginoon, maitataguyod natin ang pagtitipon ng tuloy-tuloy, tayo mismo. Iyan ang dahilan na ako'y nagagalak na makita itong nagpapatuloy ng kaunti, para sa isang dahilan na iyan. Naniniwala ako na tayo ay tutulungan ng Panginoon na magawa ito. [Kongregasyon nagsasabi ng, "Amen."—Pat.] Ngayon, alam ninyo mayroong . . .

Mahal ko ang aking tagapangasiwa. Mayroon akong ilang kaibig-ibig na mga kapatid, si Bosworth, Baxter, Lindsay, Moore, lahat, mayroong lima sa kanila, si Baron Von Blomberg. Sila'y sadyang mabubuting mga kalalakihan. Ngunit mayroong isang bagay lamang tungkol dito, kapag kayo ay mayroong isang grupo ng mga kalalakihan na sama-sama, ang isa ay mayroong isang bagay, ang isa ay mayroong iba. Minsan iya'y taliwas sa kung ano ang aking iniisip sa aking sarili. Kaya ako—ako—pakiramdam ko para bang ako'y sadyang malaya na ngayon. Maaari tayong magkaroon ng sadyang mainam na panahon, ililis lamang ang ating mga manggas, at dumulog lamang at kumain. Iniisip ko ang tungkol sa paglililis ng inyong mga manggas at nagkakaroon ng isang— isang mainam na panahon.

Ang una kong Biblia ay kalikasan. Nalaman ko ang Diyos sa pamamagitan ng kalikasan. At gustong-gusto ko ang mangisda. Talagang gustong-gusto ko ang mangisda! At gusto mo ba ang mangisda, Sonny boy? Kung gusto mo ang mangisda, at mahal mo ang iyong ina, ikaw ay magiging isang mabuting bata. At maging ang aking pagbabalik-loob ay hindi ito lubos na inalis sa akin. Kaya isang araw ako ay nasa itaas ng kabundukan, nangingisda. Ngayon, ito ay para lamang sa kapakinabangan ng munting batang ito. At ako ay nangingisda roon sa kabundukan. . . At para sa iba pang mga mumunting bata, siyempre, na nakaupo sa palibot. At ako ay namimingwit ng mga isdang trawot. At, oh, ito'y kahanga-hanga, ang panahon ng tagsibol. Ako ay paroroon tulad niyan, at mayroong isang isdang trawot doon mismo sa kasunod na butas, alam ninyo, tulad niyan. At sadyang pinupuri ang Panginoon at nagkakaroon ng mainam na panahon, sisigaw. Kung minsan, bibitawan ang aking pamingwit. Naniniwala ako sa pagsigaw. Amen. Tunay na naniniwala ako. Pagkat, batid kong may bagay na nanghawakan sa akin. At . . . (Blankong bahagi sa teyp—Pat.)

² Napakaraming uso sa dako roon ng bansa, sa New Hampshire. Mayroon akong maliit na kampo sa itaas doon, kung

saan ako nangingisda. Mayroon akong maliit na lumang toldang nakatayo, isang munting lumang di-tukod na tolda na aking tinutuluyan. At ang isang itim na oso ang siyang pinaka-malikot na bagay na mayroon. Kaya, isang matandang inang oso at dalawang batang oso ay nakapasok doon, at gumawa sila ng kapinsalaan sa aking tolda!

³ Ngayon, ano sa palagay ninyo ang dapat kong ginawa sa osong iyon, munting babae roon na may pulang buhok, doon sa likuran? Dapat hinabol ko siya ng husto, hindi ba?

⁴ Ngunit heto ang kaniyang ginawa. Siya ay pumasok, pinunit niya ang aking tolda at ikinalat niya ang lahat ng bagay palabas, at kinain lahat ng aking pagkain na mayroon ako roon, at siya lamang ay mainam doon. Kaya nang ako ay dumating, siya ay umalis palayo. At siya ay tumili sa kaniyang batang oso, at isang munting batang oso ay tumakbong sumunod sa kaniya. At ang isa ay ayaw tumakbo; siya ay nanatili lamang doon. Siya ay nakatalikod sa akin, tulad *nito*, at siya ay may bagay na ginagawa. At wala akong anomang bagay sa aking kamay maliban sa isang munting lumang palakol. Ako ay galing sa pamumutol ng ilang magugulang na kahoy doon. Buweno, siya ay tumakbo ng mga kasing layo ng, oh, palagay ko ng posteng iyon ng telepono sa labas, at siya ay umupo roon. Siya ay tumili sa munting osong ito, at hindi niya pinansin iyon. Siya ay nanatili lamang na nakaupo roon.

⁵ Naisip ko, “Ano ang ginagawa ng munting oso na iyan?” ako ay lumakad papalapit ng kaunti. Ako ay takot na lumapit ng husto, takot na baka ako ay kalmutin niya. Kaya—kaya ako—ako ay hindi makakita ng isang puno, at alam ko na siya ay makakaakyat rin. Kaya, at ayaw kong lumapit ng husto sa kaniya, ’pagkat alam ko ang kalikasan ng oso. Kaya, ako ay lumapit lamang ng kaunti. At alam ba ninyo kung ano ang nangyari?

⁶ Ngayon, gusto ko ang mga pankeyk. Ilan sa inyo mga batang lalaki ang gusto ng mga pankeyk? Oh, naku! Oh, ako. . . Ang matatandang lalaki, rin. Nakita ko silang nagtaas ng kanilang mga kamay. Gusto nating lahat ng mga pankeyk, at sadyang gustong-gusto ko iyon, at gusto kong magbuhos ng pulot-pukyutan sa ibabaw niyon. Bilang isang Baptist, alam ninyo, iyan ang patuloy na nagpapatuwid sa atin, alam ninyo, ang pulot-pukyutan, alam ninyo. Kaya, at makinig, hindi ko winiwisikan ang mga iyon, talagang binabautismuhan ko ang mga iyon. Talagang ibinubuhos ito kung saan ito’y tunay na masarap at malapot. Hindi ko lamang winiwisikan ng kaunti dito at doon. Talagang ibinubuhos ko ito sa ibabaw niyon, pinupuno ko iyon ng husto ng pulot-pukyutan.

⁷ At pagkatapos, alam ninyo, mayroon akong isang balde ng pulot-pukyutan doon, kalahating galon ng balde ng pulot-

pukyutan. At ang mga oso ay napakahilig sa pulot-pukyutan. Kaya ang munting osong ito ay napadako roon at naalis ang takip sa baldeng iyan ng pulot-pukyutan, at siya ay nakaupo roon tulad nito, hawak ang munting baldeng ito ng pulot-pukyutan sa kaniyang kamay, tulad *nito*. Nakuha niya ang. . . Hindi niya alam kung papaano ito kainin, tulad ng gagawin n'yo, alam ninyo, kaya ipinasok lamang ang kaniyang maliit na kamay sa loob at dinilaan ito tulad *niyan*, at dinilaan ito. At siya ay lumingon upang tumingin sa akin, at ang kaniyang mga maliliit na mata ay natakpan lahat, ang kaniyang maliit na tiyan ay naging makintab ng husto, sa pulot-pukyutan. Siya ay nakaupo lamang doon, inilulubog ang kaniyang kamay at dinidilaan ang pulot-pukyutan, tulad *niyan*, ng kasing bilis ng kaniyang pagdila.

⁸ Oh, naku, naisip ko ang tungkol sa isang sinaunang panahon ng pagtitipon sa Espiritu Santo, kapag atin lamang nabuksan ang balde, idukot ang ating kamay papasok sa banga at dilaan. Patuloy lamang, alam ninyo, dinidilaan lamang.

⁹ At alam ba ninyo kung ano ang naging nakatutuwang bagay, kahit pa man? Pagkatapos na ang munting osong iyon ay makakuha ng kasing dami ng makukuha niya, ibinaba niya ang balde at tumakbo na palabas doon. Alam ba ninyo kung ano ang nangyari? Ang inang oso at ang isa pang maliit na oso ay dinidilaan naman siya, kaya naaalis ang pulot-pukyutan.

¹⁰ Kaya, buweno, marahil ang ating pagtitipon ay magiging tulad ng bagay na gayon, umaasa ako, para tayo ay makapagpatuloy na masabi sa mga iba, at ang kaluwalhatian ng Diyos ay bumubuhos sa atin. Mabuti.

¹¹ Ako'y nagagalak na makita kayong maliliit na mga bata na dumalo. Gusto kong magsabi sa inyo ng bagay na tulad niyan. At maaaring bukas ng hapon, magkakaroon tayo ng mahabang panahon, at—at tayo ay makakapag-usap ng medyo mahaba. At tayo'y makikipag-usap sa tatay at nanay ngayon tungkol sa isang bagay.

¹² Tayo'y mangungusap tungkol sa *Demonolohiya*. Sa Mga Awit 103:1 hanggang 3, babasahin natin ang mga talatang ito. Karamihan sa bawat ministro at mangangaral, o mambabasa ng Biblia, ay nalalaman iyon sa puso.

Purihin mo ang PANGINOON, O kaluluwa ko: at lahat na nangasa loob ko, ay magsisipuri sa kaniyang banal na pangalan.

Purihin mo ang PANGINOON, O kaluluwa ko, at huwag mong kalimutan ang lahat niyang mabubuting gawa:

Na siyang nagpapatawad ng iyong lahat. Na mga kasamaan; na siyang nagpapagaling ng iyong lahat na mga sakit;

¹³ Nais kong pansinin ninyo roon, ito ay isang “lahat.” “Na siyang nagpapatawad ng iyong lahat na mga kasamaan, na Siyang nagpapagaling ng lahat mong mga sakit.” Ngayon maaari bang iyuko natin ang ating ulo panandali.

¹⁴ Ngayon, Makalangit na Ama, pinasasalamatan Ka namin sa hapong ito, na maparito. Pinasasalamatan Ka namin para sa mga mumunting mga anak na ito na nakaupo palibot, sila ang mga kalalakihan ng bukas, at kababaihan, kung mayroon pang bukas, kung si Jesus ay magtatagal pa. At ngayon, Ama, dumadalangin kami na—na Iyong pagpalain kami ngayon habang kami’y nangungusap ngayon sa Iyong Salita, at tungkol sa matinding kaaway na mayroon kami, si Satanas. Dalangin namin, Diyos, na Iyo kaming hayaan lagyan nang panapat, isang mekanisadong pangkat dito, ang kapangyarihan ng Diyos, na mapaglabanan siya ngayong gabi sa bawat pulgada ng kaniyang nasasakupan, Panginoon, at ipakita sa kaniya na wala siyang anumang legal na karapatan, na siya ay dinaig ni Cristo dahil sa amin doon sa Kalbaryo, nang Siya ay mamatay, at Kaniyang pinagtagumpayan ang mga pamunuan at inalisin si Satanas ng lahat—lahat ng kapangyarihan na mayroon siya. At, Diyos, bigyan kami ng karunungan at kaunawaan ngayon, upang malaman at upang maipaliwanag sa mga tao kung papaano na malaman kung papaano ang mapagaling at upang daigin si Satanas. Sa Pangalan ni Jesus’ dalangin namin. Amen.

¹⁵ Ngayon para sa ilang mga minuto tayo’y mangungusap tungkol sa *Demonolohiya*. Naririnig ninyo ng labis ang tungkol sa mga demonyo. Ngayon, bukas ng hapon ng maaaring matapos na natin. Nais ko ng dalawang araw ng sanglingong ito, kahit papaano, upang mangaral tungkol dito. Lamang . . . o dalawang araw para sa panghapon na mga gawain, upang mangusap tungkol dito.

¹⁶ Ngayon, ang unang bagay, ay kung ano ang demonyo. Maririnig ninyo ang maraming tao na nangungusap tungkol sa demonyo. Buweno, ngayon, ang isang “demonyo, diyablo,” lahat ay nagmula buhat sa isang salita, at sa Englis ito’y tinawag na “tagapag-pahirap.” Ang isang tao na nagpapahirap ay isang diyablo, isang masama. Sinasabi niya . . . Ngayon, ang Biblia ngayon ay, sa nakararami, sa maraming tao, ay isang luma’t sinaunang aklat na binabasa ng lolo at lola, o bagay na tulad niyan. “Walang ano mang pakinabang dito, ito’y para sa mga matatanda, at iba pa.” Ngunit iya’y mali. Ito’y para sa lahat. At ang mga demonyo ay mga tagapagpahirap na nagpapahirap sa atin.

¹⁷ Ngayon, mayroong mga demonyo na pumapasok sa kaluluwa ng tao, at iyan ay, sa preseolohiya, iyan ay magiging—iyan ay magiging sa . . . sasabihin ko ito, gayon man, ang demonyo na pumapasok sa kaluluwa ay isang bagay na nagpapahirap sa kaluluwa.

¹⁸ Maraming pagkakataon makikita ninyo ang isang tao marahil sa pagkabaliw. Ngayon, sila marahil ay isang taong nagbalik-loob, puspos ng Banal na Espiritu, at gayon may lubos na baliw. Kita ninyo? Iya'y tama. Iyan ay walang kinalaman sa kaluluwa. Ito'y isang tagapagpahirap, kita n'yo, isang bagay na nagpapahirap sa kanila.

¹⁹ Ngayon, lahat ng karamdaman, dapat nating hanapin muna na lahat ng karamdaman ay mula sa Diyablo. Ang Diyos ay hindi ang may gawa ng karamdaman. Walang karamdaman na nagmumula sa Diyos. Ang Diyos minsan ay pinahihintulutan si Satanas na maglagay ng karamdaman sa inyo, bilang isang palo upang dalhin kayo pabalik sa tahanan ng Diyos, kapag kayo'y sumuway. Ngunit ang karamdaman, sa pasimula nito, ay nagmula sa Diyablo. Maiisip ba ninyo na ang isang tao ay maniniwala na ang Diyos, ang ating Amang Makalangit, ay magiging maygawa ng gayong bagay na gaya ng karamdaman at kamatayan? Buweno, hindi, Siya'y hindi, hindi kahit noon, hindi kahit sa darating. Pinahihintulutan ng Diyos ang kamatayan dahil sa pagsuway. Pinahihintulutan ng Diyos ang kamatayan. Gaya ng sinabi ng isang manunulat, "Ang lahat ng tanging magagawa ng kamatayan, isingkaw ito ng Diyos sa isang karetela at hinahatak tayo nito papasok sa Presensiya ng Diyos, isang mananampalataya." Ngunit ang salitang *kamatayan* ay nangangahulugang "paghihiwalay."

²⁰ Sabi ni Jesus, "Siya na dumirinig ng Aking mga Salita at nananampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan." At sabi Niya, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli, ang Buhay, siya na sumasampalataya sa Akin, bagama't siya ay namatay, ay muling mabubuhay, at sinomang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindi mamamatay." At ating pinapasan ang mga katawan ng bawat isa patungo sa kawalang banal ng ating libingan. "Ngunit siya ay hindi mamamatay."

²¹ Ngayon kung inyong mamasdan nang Siya ay mangusap tungkol kay Lazaro, sabi Niya, "Si Lazaro ay natutulog."

²² Ang mga alagad, mga taong tulad natin, sabi nila, "Oh, kung siya ay natutulog siya ay mabuti. Ibig Niyang sabihin nagpapahinga," ang akala nila.

²³ Ngunit Siya ay lumapit at nangusap sa kanila sa kanilang lenguwaha. Sabi Niya, "'Siya'y patay na,' ang paniniwala ninyo. Ngunit," sabi, "Gigisingin ko siya, gigisingin siya." Kita n'yo? Kita n'yo? Kapag kayo'y . . .

²⁴ Ang *kamatayan* ay nangangahulugang "paghihiwalay." Ngayon, kung ang isa sa inyo ay, isa sa inyong pamilya ay mamatay, o isang bagay, siya ay, kung ito'y nagbalik-loob, sila'y hindi patay. Sila'y patay sa makataong kalagayan. Ngunit sila'y nahiwalay lamang mula sa atin, ngunit sila'y nasa Presensiya ng Diyos. Sila'y hindi patay, at sila'y hindi mamamatay, imposible

para sa kanila ang mamatay. Sinabi ni Jesus, “Siya na dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin ay may Buhay na walang hanggan, at hindi papasok sa paghatol, kundi lumipat na mula sa kamatayan tungo sa Buhay.” Kaya, siya ay hindi mamamatay. Anomang bagay na imortal, Walang Hanggan, ay hindi mamamatay. Ito’y Buhay na hindi mamamatay. Taglay niya Ito dahil ibinigay Ito ng Diyos sa kaniya. At hindi—hindi gantimpala; ito’y sa . . . Ito’y walang kondisyon. Ibinigay Ito ng Diyos sa kaniya.

²⁵ Ang Diyos ang tumatawag. Walang sino mang makakalapit sa Diyos malibang siya ay tawagin ng Diyos. Sabi ni Jesus, “Walang sinomang makakalapit sa Akin malibang tawagin siya ng Aking Ama, ilapit siya.” Iyan ba’y tama? Kaya ito’y ang Diyos sa lahat. Maaaring bukas ng hapon ay matatalakay natin ng kaunti pa ang tungkol diyan, dahil gusto kong talakayin ang bagay na ito sa *karamdaman*, sa inyo, upang makita ninyo iyan.

²⁶ Mayroong panahon nang tayo ay naging binhi sa ating kalolo-lolohan. Alam ninyo iyan. Alam ng doktor iyan. Buweno, alam ninyo, rin, kayo na nagbabasa ng Biblia. Alam ninyo na ang binhi ng buhay ay nagpasimula sa inyong kalolo-lolohan, na nagiging isang binhi, at lumabas sa pamamagitan ng inyong lolo, pagkatapos ay sa inyong ama, pagkatapos ay sa inyong ina at kung saan kayo naroon ngayon. Iya’y tama. Ang Kasulatan din naman ay nagtuturo niyan. Narito ang Kasulatan para sa inyo kung nais ninyo. Naniniwala ako na ito ay nasabi na Levi ay nagbigay ng ikapu nang siya ay nasa sinapupunan ni Abraham, na kaniyang kalolo-lolohan. Iyan ba’y tama? Kaya, kita n’yo, ang binhi ay dumating mula roon.

²⁷ Ngunit ang inyong mga kaluluwa ay ginawa bago pa itinatag ang sanglibutan, nang lalangin ng Diyos ang tao sa Kaniyang Sariling larawan; espiritu ng tao; hindi *isang* tao sa Kaniyang Sariling larawan, kundi *tao* sa Kaniyang Sariling larawan. Kita n’yo? At pagkatapos ginawa Niya silang lalaki at babae, bago Siya gumawa ng isang tao sa alabok ng lupa. Sana ay mayroon tayong pagkakataon ngayong hapon, kunin natin ang ating panahon at bumalik diyan. Tingnan lamang kung papaano na ang Diyos. . . Ngayon, ito’y nasa pagitan ng linya, ngunit, kapag nakita ninyo, ito ay humahanay mismo sa linya. Kita n’yo? Kung papaano na ang Diyos, mula roon sa pasimula, kung ano ang Kaniyang ginawa roon, at kung papaano na Siya ay bumaba sa lupa at kung papaano na ginawa Niya ang tao sa Kaniyang larawan; at pagkatapos ang Diyos ay bumaling at nagawa sa larawan ng tao, upang tubusin ang tao.

²⁸ Ngayon, nang lalangin ng Diyos ang tao sa Kaniyang larawan, siya ay isang espiritung tao. At pagkatapos wala pang tao upang magbungkal ng lupa. Pagkatapos Siya ay lumalang ng tao mula sa alabok ng lupa. Ngayon, ang mga kronolohista, at iba pa, at ang mga taong ito na nagsasaliksik at nakakakuha

ng mga lumang buto, at iba pa, at naniniwala sa ebolusyon. . . ako ay naniniwala sa tamang uri ng ebolusyon. Ang tao ay nag-eebolusyon mula sa kaniyang sarili, ngunit hindi lahat mula sa isang selula. Hindi, ginoo, dahil ang isang—isang ibon ay naging ibon na mula pa nang siya ay gawin ng Diyos na ibon, at ang isang unggoy ay unggoy na, ang isang tao ay naging tao na. Iya'y tama.

²⁹ Ngayon, ako ay nakikipag-usap sa isang doktor dito di pa katagalan, sa Louisville. Sabi niya, “Bakit, Kagalang-galang na Branham!” Ako ay nangungusap tungkol sa kung papano na ang mga katutubo ng Africa, kung papaano sila kumain, bababa lamang sa . . . Oh, ilan sa mga nakapanginilabaot na mga bagay na inyong makikita, kung papaano sila kumain! Pupulot lamang ng mga bagay na bulok, may mga uod doon, papagpagin lamang yaon, uod at lahat. Walang anomang kaibahan sa kaniya. Kita n’yo? Sabi nila. . . Inumin ang ano mang bagay, walang ano mang pagkakaiba anoman ito. Sabi niya, “Ngunit, Kagalang-galang na Branham, yaong mga tao ay hindi tao.”

Sabi ko, “Oh, oo, sila ay. Sila ay tunay na tao.”

³⁰ Sabi ko, “Ang pinakamalapit na bagay sa tao, sa hanay ng mga hayop, ay ang chimpanzee. At sinikap ninyo sa loob ng apat na libong taon upang kumuha ng isang bulong mula sa chimpanzee na iyan, at hindi niya magawa,” sabi ko, “dahil hindi siya makapag-isip. Wala siyang anomang bagay ipag-isip.” Oh, matuturuan mo siya ng mga maliliit na bagay tulad ng isang kabayo, gee at haw, o magsuot ng salamin, o humitit ng sigarilyo, o timbangin ang kaniyang sarili sa bisekleta, sumakay sa kabayo, o bagay na tulad niyan, ngunit tulad lamang ng gee at haw, sa isang kabayo, o sa isang aso o bagay na tulad niyan.” Sabi ko, “Siya’y isang hayop.”

³¹ “Ngunit pabalikin ninyo ako sa Africa, doon sa pinakamabangis na tribo na mayroon sila, at iyan ay ang mumunting tribo ng taong gubat.” At sabi ko, “Marahil ang kaniyang kalolololo-lolo-lolo-lolohan ay ni hindi pa nakakita ng puting tao o anoman. Ang tanging bagay na nalalaman niya, ni hindi man lamang niya alam kung alin ang kanan at kaliwang kamay. Ang tanging bagay na alam niya ay kumain, at kinakain niya ang kung ano man ang makuha niya sa kaniyang mga kamay, kung iyu’y laman ng tao, anomang bagay, walang anomang pagkakaiba sa kaniya, makakain lang siya. Ngunit hayaan akong makarating sa kaniya sa limang taong gulang, at sa labing limang taong gulang siya’y makapagsasalita ng mainam na Inglis at magkakaroon ng mabuting edukasyon. Bakit? Mayroon siyang kaluluwa. Ginawa siya ng Diyos na isang tao, at siya’y sadyang may gayun ding karapatan na mapakinggan ang Ebanghelyo, kahit minsan lang, gaya ng pangangaral na mayroon tayo dito sa palibot, sa buong America, sa mga tao, paulit at paulit at paulit, at nagmamakaawa, nanghihikayat

at lahat ng bagay. Hayaang mapakinggan niya ito minsan, at masdan siyang sumigaw at tumakbo patungo sa altar kaagad." Kita n'yo? Oo, ginoo!

³² Iyan ang hangad ng puso ko, kapatid, ngayon, kapag naisip ko ang Africa, at silang abang munting itim na mga kamay ay tumataas, sinasabi, "Kapatid na Branham, minsan pa tungkol kay Jesus!" Oh, kahabagan! Mayroong bagay sa loob ko na bumabaon at nag-aalab. Kapagka nagkaroon ako kaagad ng sapat na salapi, paroroon ako, din. Iyan ang ginagawa ko sa bawat sentimo na nakakamtan ko, lahat, batid ng Diyos, maliban sa kung ano ang aking makakain. At karamihan sa mga tao ay binibigyan ako ng aking mga damit. At sa kung ano lamang ang aking maipapamuhay, sa aking sarili, kasing lapit lamang ng aking magagawa, ay inilalagay ko ito roon mismo sa pundong pang-misyonaryo na isinaayos ng gobyerno. Ni hindi ako nagbabayad ng buwis para doon. Hanggang sa ako'y makaipon ng tatlo o apat, limang libong dolyares, at dadalhin ko patawid doon at ipangaral ang Ebanghelyo sa mga tao na nalalaman ko na sa araw na iyon ako ay ang mananagot. At malalaman ko kung ano ang isasagot ko.

³³ Ugali ko, kapag ako ay pupunta sa isang siyudad, gagawa ako ng isang malaking pagtitipon kung saan sila ay mayroong maraming salapi, at mayroon silang malaking mga pagkampanya at libu-libong mga dolyares, ibibigay ko iyon sa Red Cross at iba pa. Ngayon, ngayon, hindi para siraan sila, ngunit nagdaraan sa may kalsada sakay ng isang apat-na-libong dolyares na halaga ng kotse, na may isang malaking diyamanteng mga buton, humihitit ng sigarilyo, at limang daang dolyares isang linggo sa pera na ang maysakit na mg ta-... Hindi, ginoo! Hindi, talaga! At sa mga ito, paglabas na paglabas mo ng siyudad, sinasabi nila, "holy rollers," at lahat ng bagay tulad niyan, at pinagtatawanan, at minamaliit ang relihiyon na ating pinaninindigan. Hindi, ginoo!

³⁴ Kinukuha ko ito sa aking sarili, at sa harapan ng Diyos bilang aking Hukom, inilalagay ko ito roon sa gawaing pang-Ebanghelyo, kaya alam ko na sa Araw na iyon na ako'y... kapag ako'y magbibigay sulit para sa aking pangangasiwa, ito'y naibigay ng tama. Iya'y talagang tama, dahil napapagtanto ko na sa aking mabuting pagtrato sa mga tao ay tinatrato ko ang Diyos. Ang pag-uugali ko lamang sa inyo ay siya ko nang pag-uugali kay Cristo. At ang pag-uugali ninyo sa akin ay gayon ding bagay, iya'y tama, kay Cristo.

³⁵ Ngayon, ang makita ang mga tao na tulad niyan, at makita kung paano na ang isang tao, kung gayon, na may hindi namamatay na kaluluwa ngayon, na hindi mamamatay, hindi mapapahamak, walang ano mang magagawa kundi magkaroon ng walang hanggang Buhay, na ang Diyos sa

pagiging makapangyarihan, sa Kaniyang Sariling kalooban, ay ibinigay ito sa inyo. At ngayon, kung gayon, ngayon ako . . .

³⁶ Pabayaang iwasto ko lamang ito ng kaunti, o magsabi ng isang bagay. Mayroong aalis at magsasabi, “si Kapatid na Branham ay isang Calvinista.” Hindi, ako’y hindi. Ako’y isang Calvinista hangga’t ang Calvinista ay nasa Biblia. Ngunit kapag ang Calvinista ay lumabas ng Biblia, kung gayon ako’y isang Arminian, kita n’yo. Naniniwala ako sa kabanalan at naniniwala ako sa Calvinista, din. Ngunit, sila kapwa, ang isa ay tumungo sa isang sanga at nagtungo sa *ganitong* paraan, at ang isa ay tumungo sa isang sangay at nagtungo sa *ganyang* paraan. Kung hindi dahil sa Aklat ng Mga Taga-Efeso, upang ibalik ito at ilagay ito sa tamang lugar kung saan ito inilagay ng Diyos, tayong lahat ay magkakalito-lito. Ngunit sila ay kapuwa mayroong doktrina, ngunit sila tungo sa binhi, bawat isa, iyan ang kabanalan at ang mga Calvinista, din, ang Arminian. Ngayon, ang mga Calvinista ay mayroong bagay na totoo. Naniniwala ako diyan, na ang doktrinang Calvinista . . .

³⁷ Pinaniniwalaan ko ito. Sa katiyakan, naniniwala ako ang Iglesya ay mayroong Walang-hanggang Katiyakan. Sino mang nagbabasa ng Biblia ay nalalaman iyan, dahil sinabi na ng Diyos na Ito ay lalantad doon ng walang kapintasan. Iyan ba’y tama? Kung gayon, Ito’y mapaparoon. Iyan ba’y tama? Ang Bi-. . . Ang Iglesya ay may Walang Hanggang katiyakan. Ngayon, kayo ba ay nasa Iglesya, ay ang kasunod na bagay. Kung kayo’y nasa Iglesya, mabuti, kayo’y ligtas kasama ng Iglesya, ngunit kayo ay dapat na manatili sa Iglesya. At papaano kayo mapapasa Iglesya? Sa pakikipag-kamay? Hindi. Paglalagay ng inyong pangalan sa aklat? Hindi, ginoo. “Sa isang Espiritu tayong lahat ay binautismuhan sa isang Katawan.” At ang Katawan na iyan, ay hinatulan ng Diyos sa Kalbaryo, ay ang Katawan ni Jesus Cristo, at tayo’y binautismuhan tungo sa Katawan na iyan sa iisang Espiritu. Tayo ay mayroong Walang Hanggang Katiyakan hangga’t tayo ay nasa Katawan ni Cristo, walang ano mang bagay na makapaghihiwalay sa atin, walang bagay na makakahipo sa atin. Kung kayo ay lalabas, kayo ay lumabas sa inyong sariling kalooban. Ngunit kasing tiyak lamang, kung kayo’y nasa Katawan ni Cristo, na kasing tiyak ng si Jesus ay nagbangon mula sa mga patay, kayo’y magbabangon din. Nagawa na iyan ng Diyos. Siya . . .

³⁸ Hindi kayo maaaring magkasala. Oh, gagawin ninyo . . . Maaaring ako ay isang makasalanan sa inyong paningin, ngunit kung ako’y na kay Cristo, hindi iyon nakikita ng Diyos, dahil ang kaniyang mga kasalanan ay tinutubos. . . ang Kaniyang Dugo ang tumutubos para sa aking mga kasalanan doon. Kita n’yo? Hindi ako maaaring magkasala. “Siya na ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala, dahil hindi siya magkasala. Ang Binhi ng Diyos ay nananatili sa kaniya.” Kita n’yo? Siya, siya’y

nakahanda na, kung siya ay nakagawa ng pagkakamali, tiyak, siya'y kaagad na nakahandang ipahayag ito. Kung siya'y isang tunay na Cristiyano, gagawin niya iyon. Kung itatago niya iyon, ipinapakita niya na siya ay walang ano mang taglay, sa simula pa. Iya'y tama. Wala siyang ano mang bagay na taglay, sa simula pa. Ngunit kung siya'y isang tunay na Cristiyano. . .

³⁹ Dito mismo, magtanim kayo ng isang butil ng trigo sa lupa, ito'y mananatiling butil ng trigo. Ang mga cocklebur ay maaaring nasa palibot nito, at lahat ng iba pang bagay, ngunit ito'y mananatiling butil ng trigo hangga't ito ay nananatili. Iyan ba'y tama? At kung ang isang tao ay tunay na ipinanganak ng Espiritu ng Diyos, siya ay hindi narito at wala, at arong at sulong, at naroon sa sanglibutan at narito. Hindi, ginoo. Hindi, hindi. Hindi ka isang cocklebur isang araw at isang butil ng trigo sa susunod na araw. Ang Diyos ay wala niyan sa bukirin. Oo, ginoo. Kung kayo'y ipinanganak ng Espiritu ng Diyos, kayo'y isang Cristiyano mula sa panahon na iyan hanggang sa. . . hanggang sa kayo ay lumisan, at kung magkagayon kayo'y—kayo'y walang kamatayan, kasama ng Diyos. Iya'y tama, kung kayo'y nasa Iglesya.

⁴⁰ Ngayon, ngayon pag-usapan natin ang tungkol sa panig ng kamatayan. Ngayon, papaanong ang isang tao sa gayong kalagayan, sa ganiyang uri ng kalagayan, ay magkakasakit? Dahil ang inyong katawan ay hindi pa natubos. Ang inyong katawan ay hindi pa natubos. Maging gaano man, gaano man kayo kabuti, at gaano man ka-santo, at gaano kabanal, at gaano man ang taglay Banal na Espiritu, iyan ay sa inyong kaluluwa lamang. At ang inyong kaluluwa ay hindi pa kumpleto. Natanggap lamang nito ang Pagpapala, ang pangako ng Diyos, na siyang paunang bayad ng ating kaligtasan. Ngunit ngayon kung tayo ay walang paunang bayad ng ating pagkabuhay na mag-uli, walang Banal na pagpapagaling, kung gayon ako ay walang kasiguruhan o walang bagay para patunayan sa akin na mayroong pagkabuhay na mag-uli.

⁴¹ Tulad lamang kung si Cristo ay hindi nananahan sa aking puso, kung kailangan ko itong kunin mula sa isang uri ng isang—isang pangkaisipan na bagay doon, ay kailangan na maniwala kung saan tulad niyan, buweno, kung gayon ako—ako—ako'y magiging isang medyo mapag-alinlangan dito. At iyan ang dahilan, doon sa Africa, nang sila ay magsilapit, narito dumating ang mga misyonaryo, dinadala ang libu-libong mga katutubo na iyon, at pasan-pasan nila ang mga munting lumang diyus-diyosan na putik at iba pang mga bagay, ay dahil sa narinig lamang nila ang pangkaisipang panig ng Biblia. Iya'y tama. At ang sarili kong iglesya ay Baptist, Methodist, Presbyterian, lahat ng pumaroon. Ngunit nang makita nila ang kapangyarihan ng Diyos na dumating sa pagpapahayag, iyan ang lumutas nito, nabatid nila pagkatapos na ang Diyos ay Diyos.

⁴² Ngunit, ngayon, ano ang nagpasimula sa sakit na ito? Ngayon, ang unang bagay, ito’y isang espiritu bago ito nagiging isang sakit, gaya lamang na kayo ay isang espiritu bago kayo naging isang tao. Ngayon kukunin ko si Kapatid na Willett dito bilang isang halimbawa. Si Kapatid na Willett, ako. . . . Mayroong panahon na ikaw at ako ay wala pa. At pagkatapos ang unang bagay, binigyan tayo ng Diyos ng buhay. At kunin natin, sabihin, kung kukunin ko ang inyong katawan sa hapong ito, kayo’y ginawa mula sa lupon ng mga selula, tinatanganan sama-sama ng mga atomo. At ngayon, balang araw yaong mga atomo ay masisira, kung si Jesus ay magtatagal pa. Kayo’y magbabalik. Sila’y magiging katulad lamang nang sila ay nasa pasimula, babalik sa hangin. Ngunit kapag ang inyong espiritu ay magbabalik, ang mga atomo na iyon ay magtitipon-tipon muli kasama ang espiritung ito at ilalabas ang bagong Kapatid na Willett tulad ng isang iyon, mas bata lamang, nang siya ay nasa kaniyang kabataan.

⁴³ Kapag ang isang tao ay lumampas ng mga dalawampu’t-limang taong gulang, makakasumpung siya ng kaunting mga kulubot sa ilalim ng kaniyang mga mata, at ilang mga puting buhok ang lumilitaw. Mangyayari iyan, dahil ang kamatayan ay sumusunod sa inyo. At isa sa mga araw na ito ay kukunin kayo nito. Maging sino man kayo, kukunin kayo nito. Ngunit unti-unti itong. . . . Kayo’y paroroon sa isang sulok dito, at ang Diyos ay aalisin kayo sa sulok na iyan, at kayo ay paroroon sa sulok na ito *dito*, ang kamatayan ay halos makuha kayo, at sa banda rito, ngunit pagkalipas ng ilang sandali makukuha kayo nito. Ngunit gayon pa man, anong magagawa ng kamatayan, kukunin nito ang buong kasangkapan, at pagkatapos sa. . . . kapag nagawa nito ang lahat ng magagawa nito. . . . Nang ibinigay ng Diyos ang buhay na ito, at kayo ay nasa inyong kabataan, sa mga dalawampu’t-tatlong taon, kapag kayo’y dumating sa pagkabuhay na mag-uli kayo’y magbabalik na sadyang tulad nang kayo ay nasa dalawampu’t-tatlong taong gulang, dalawampu’t lima, bago dumating ang kamatayan. Ang kamatayan ay magagawa ang lahat ng bagay na magagawa nito. Papasok ito roon, ngunit kayo’y babalik muli sa paraan na kayo noon.

⁴⁴ Ngayon, kung ang bawat isa sa inyong—inyong mga selula sa inyong katawan, kunin natin ito pababa ngayon, kayo ay dumating na selula sa selula, selula sa selula, at ilatag itong hiwalay dito sa ibabaw ng entablado, pagkatapos ng bawat selula sa inyong katawan, kayo’y hahantong sa isang maliit na binhi kung saan kayo ay nagsimula, hindi makita ng pangkaraniwang mata. Kailangan ninyong tumingin sa ilalim ng mikroskopyo na salamin. Nakita ko ang binhi ng buhay sa ilalim ng mikroskopyo. Ito’y tulad sa isang napakaliit na sinulid. At ang unang bagay na magpapasimula ay doon mismo sa gulugod, ito’y

parang isang maliit na buhol. Iyan ang unang iniipon ng maliit na selula sa ibabaw ng isang selula.

⁴⁵ Ngayon, kung kukunin ko ang isang maliit na selula na iyan na pinagmulan ng bawat isa sa inyo, isang napakaliit na selula, binhi. . . Ano ang isang binhi? Ang binhi ay isang napakaliit, ang pinakamaliit sa selula. Buweno, ano ang susunod diyan? Ngayon, ibinaba ko kayo mula sa bawat piraso ninyo, pababa dito sa isang maliit na selula, at hindi ko pa kayo natagpuan. Nakuha ko lamang ang inyong mga selula at inilantad. Buweno, pagkatapos, ang susunod na bagay, mga selulang dugo, at mga selulang laman, at maging ano man sila, ilalantad silang lahat dito, ngunit hindi ko pa kayo nakuha. At ako'y nasa isang binhi ngayon. Buweno, kukunin ko ang maliit na selula na iyan ng hiwalay. Ngayon, nasaan kayo? Ang inyong buhay. At ang buhay ang gumawa sa unang selula, na siyang isang binhi, pagkatapos lahat ng bagay ayon sa kalikasan nito; aso sa aso, ibon sa ibon, tao sa tao. Pinalalaki ang mga selula, selula sa ibabaw ng selula, selula sa ibabaw ng selula, hahantong sa kung saan kayo ngayon, tao, paglago ng mga selula. Ngayon, iyon ay itinalaga ng Diyos na maging gayon.

⁴⁶ Ngunit, ngayon, ano naman ang tungkol sa isang kanser? Pag-usapan natin siya ng kaunti. Ngayon, ibinigay sa inyo ng Diyos ang inyong buhay. At sabihing, narito kayo ngayon, narito ako, mayroong—walang anomang bagay sa aking kamay, ngunit maaaring mayroong kanser sa aking kamay minsan. Buweno, papaanong napunta ang kanser na iyan doon? Tingnan natin kung ano ang kanser, ngayon paghiwa-hiwalayin natin siya, kunin natin siya. Ngayon, siya'y isang lupon ng mga selula, din. Alam ba ninyo iyan? Tumor, katarata, ano man sa mga bagay na iyon ay mga selula. Wala silang anyo. Ang ilan sa kanila ay kumakalat, at ang ilan ay parang gagamba, at ang ilan ay parang. . . kumakalat na parang hibla, ang pulang kanser, tulad lamang ng mahabang pulang tali na kumakalat. At pagkatapos mayroong isang rosas na kanser na kadalasan ay lumalabas sa dibdib ng isang babae, ito'y parang pankeyk nakalagay sa ibabaw ng isa't-isa, at pagkatapos sila kumakalat. At sila ay lumalaki kahit saan.

⁴⁷ Minsan ang mga tumor ay hindi parehas, *paganito*, mahaba, mahaba-haba, at lahat ng bagay. Sila ay walang anyo, dahil sila ay mula sa isang espiritu na walang anyo. Ngunit ito ay isang paglago ng mga selula. Ito'y isang lupon ng ma selula na, sabihing, sa inyo ngayon mismo ay isang tumor o isang kanser, ito'y lumalaking mga selula, lumalaki, lumalaki, lumalaki. Ito'y kumakain, sinisipsip ang inyong buhay mula sa inyo. Ito'y nabubuhay sa daluyan ng dugo. Ang mga katarata kinukuha ang malagkit na likido ng mata at lumalaki sa ibabaw nito mismo, tinatapan ang kaniyang sarili, bubulagin ang inyong mga mata. Ang ilan sa kanila darating at hindi makadako. . . tulad

ng tuberkular, na dumarating sa maliit lamang na mikrobyo. Walang halaga sa sukat nito. Ang siya ring sukat ng mikrobyo na gumagawa ng isang elepante, gumagawa ng isang— isang hanep. Kita n'yo? Walang halaga sa sukat ng mikrobyo.

⁴⁸ At ang ilan sa kanila ay kumukuha ang anyong katawan, ang ilan ay hindi gumagawa. At ang ilan ay hindi pumaparoon sa mga selula. Ang ilan ay nagiging espiritu, pinahihirapan ang kaluluwa. Susubukan nating kunin ang bahaging iyan, iiwan ko ang bahaging iyan para kinabukasan ng hapon, kung magagawa ko, kung saan nagmumula ang kaluluwa-espiritung iyan, at kung papaano bumaba sa ilalim *dito*.

⁴⁹ At ngayon, mga kaibigan, hindi ko sinasabi ito mula sa isang uri ng isang kaisipan. Ako ay may kaalaman tungkol sa mga demonyo ng maraming taon, at alam ninyo iyan. Kung alam lamang ninyo ang bagay, pagkaraan na ang mga gawain ay matapos sa gabi, kung ano ang nangyayari kung minsan. Hindi ninyo nalalaman. Alalahanin, kapag kayo ay lumapit laban sa isang espiritu, mas mabuting nalalaman ninyo kung ano ang inyong sinasabi tungkol dito. Huwag basta tumayo lamang doon at magpatuloy, dahil wala itong magagawang ano mang buti. Ngunit kapag ang isang demonyo ay tunay na susunod sa inyo, kikilalanin niya ito. Hindi ito kung gaano kayo kalakas sumigaw, hindi ito kung gaano karaming langis na inyong inilagay. Ito'y kung ano ang nasa likuran rito na kaniyang kikilalanin, ang Katotohanan. Sabi lamang sa kaniya ni Jesus, “Lumabas ka.”

⁵⁰ Alalahanin, ang mga alagad ay matagal na sumisipa at pumipilipit pinipihit, at sinisikap na palayasin siya, at lahat ng bagay. Sabi nila, “Bakit hindi namin siya mapalayas?”

Sabi, “Dahil, sa inyong kawalan ng pananampalataya.”

⁵¹ Sabi, “Lumabas ka sa kaniya.” Ang lalaki ay bumagsak at nagkaroon ng pinaka matinding sumpung na mayroon kailan man. Kita n'yo? Kita n'yo? Kinilala nila ang kapamahalaan.

⁵² Tingnan ang mga kalalakihan sa dako roon, ang mga lagalag na iyon na nakakita kay Pablo na nagpapalayas ng mga diyablo. Sabi nila, “Magagawa namin ang gayon ding bagay,” ilang mga anak na lalaki ng saserdote. Kaya sila ay pumaroon at sinabi, “Makapagpapalayas kami ng mga diyablo.” Mga Gawa 19. Sila ay pumaroon sa isang lalaki na mayroong mga sumpung ng epilepsi, at nagsabi, “Inuutusan ka namin, sa pamamagitan ni Jesus. Lumalabas ka sa kaniya!” Sabi ng diyablo. . . . Ngayon, “Sa Pangalan ni Jesus na ipinapangaral ni Pablo!”

⁵³ Sabi ng diyablo, “Ngayon, kilala ko si Jesus at kilala ko si Pablo, ngunit sino kayo?” Alam n'yo kung ano ang nangyari. Lumundag sa lalaki, pinunit ang kanilang mga damit, at tinaglay nila ang mga sumpung sa kanila mismo, at nagtatakbo roon sa kalsada.

⁵⁴ Ang gayon ding mga demonyo ay nabubuhay ngayon, kaya napakaraming panatisismo. Ito ang iglesya, ngayong gabi. Napakaraming panatisismo sa lupain ngayon, tinatawag na Banal na pagpapagaling, na dapat na matigil. Iyan ang nagdadala ng kahihiyang sa tunay na Layunin. Iyan ang dahilan na mayroon kayong matinding pagpupunyagi. Napakaraming bagay na tinatawag na relihiyon, ngayon, na dapat na matigil; walang iba kundi mga kulto! Iyan ang gumagawa sa tunay na Iglesya ng Diyos na mayroong gayong katinding pagpupunyagi dito. Ngunit tayo’y America, kita n’yo, iyan ang dapat na mangyari. Sinasabi ng Diyos na ang trigo at mga baging at mga dawag ay lumalaking sama-sama. Huwag subukang bunutin sila. Hayaan silang lumaking magkakasama, ngunit sa kanilang mga bunga ay makikila ninyo sila. Walang mga bunga, bakit, walang Buhay, walang anoman doon.

⁵⁵ Ngayon, masdan ang selulang ito. Sabihin natin, halimbawa, tulad ng maraming pagkakataon, ang pulang kanser kadalasan ay tumatama sa sinapupunan ng isang babae, mga pasa ng babae at iba pa. Ngayon iyan, kunin natin iyan, ang bagay na iyan pababa ngayon, sa kaniyang selula, ang—ang kanser na ito. Gayon ang kanser . . .

⁵⁶ Lahat ng bagay sa natural ay tumitipo sa espirituwal. Nalalaman ba ninyo iyan? Lahat ng bagay sa natural ay tumitipo sa espirituwal, kahit ano man.

⁵⁷ Halimbawa, tulad nito, kapag—kapag tayo’y ipinanganak sa Katawan ni Cristo, mayroong tatlong elemento na kailangan upang gawin ang ating Kapanganakan. At iyan ay ang tatlong elemento na lumabas mula sa buhay ni Cristo nang Siya ay mamatay. Mayroong lumabas mula sa Kaniyang katawan, tubig, Dugo, Espiritu. Iyan ba’y tama? [Kongregasyon nagsabi ng, “Tama.”—Pat.] Tatlong elemento, iyan ang mga elemento na ating daraanan kapag tayo ay ipinanganak na muli: pag-aaring-ganap, pagpapaging-banal, bautismo ng Banal na Espiritu. Ngayon, iyan ay maaaring nasa iisang gawa. Ngunit kinakailangan ng. . . Ngunit kayo ay maaaring nasa kalagayang inaring-ganap nang hindi pinaging-banal. Maaari kayong manampalataya sa Panginoong Jesus Cristo at gayon pa rin dala-dala ninyo ang inyong karumihan. Ngunit kayo ay lubusan na makapamumuhay sa kapwa inaring-ganap at isang malinis binanal na buhay, at walang Espiritu Santo. Kita n’yo, ang Biblia, Unang Juan 5:7, sabi, “Mayroong tatlo na nagpapatotoo sa Langit, ang Ama, Anak, at Espiritu Santo, at. . . Ama, Salita, at Espiritu Santo,” na siyang ang Anak, “at ang tatlong ito ay iisa. At mayroong tatlo na nagpapatotoo sa lupa, ang tubig, Dugo, at Espiritu, at sila ay nagkakaisa.” Hindi iisa, kundi nagkakaisa. Hindi mo makakamtan ang Ama ng hindi mo nakakamtan ang Anak; hindi mo makakamtan ang Anak ng

hindi mo nakakamtan ang Espiritu Santo, sapagkat sila ay hindi maaaring paghiwalayin, iisa. Ang trinidad ay nasa iisa.

⁵⁸ Hindi ko naririnig ito dito, ngunit maririnig ninyo ng madalas sa buong bansa, isa sa pinakadakilang mga bagay sa mga grupo ng Pentekostal, ay isang kagulumihanan sa isang simpleng bagay na iyan. At nakuha ko ang kanilang mga panguluhan sama-sama at pinatunayan sa kanila na sila ay kapwa naniniwala sa iisang bagay. Ito’y ang Diyablo sa pagitan nila, iyan lang. Kung ang dakilang iglesya na iyan ng Pentekostal ay u- . . . itapon yaong maliliit, lumang tradisyon at pagsamahin ang kanilang mga sarili ng sama-sama sa iisang pinagpalang Iglesya ng Diyos, ang Pag-agaw ay darating. Ngunit habang si Satanas ay mapapanatili silang hiwa-hiwalay, tama. Iyan ang kanyang paraan sa paggawa nito. At sila ay lubusang naniniwala sa iisang bagay.

Sinasabi ng isa, “Buweno, *ito* ay Iyan.”

⁵⁹ Sabi ko, “Buweno, kung *ito* ay Iyan, kung gayon Iyan ay *ito*.” Kaya hayan kayo. Kaya, ito’y siya ring bagay lahat. Ngunit hayan kayo, sa tatluhanang iyan ng trinidad ng Diyos. Ngayon, ngayon, ang Diyos sa Kaniyang pagiging-isa. Ang Diyos Ama, Anak, at Banal na Espiritu. Ngayon, hindi natin sinasabing “ating mga diyos,” gaya ng mga pagano. Ito’y “ating Diyos.” Kita n’yo? Ito’y ang tatlong-lupi ng Persona ng Diyos.

⁶⁰ Ngayon pansinin, ngayon, si Satanas ay nasa isang trinidad din. At ang kanyang mga kapangyarihan ay nasa trinidad.

⁶¹ Ngayon, ngunit pansinin kung gayon kapag ang tubig, Dugo at Espiritu ay ibinubunga ang bagong Kapanganakan. Iyan ba’y tama? Ngayon masdan. Iyan ang kung ano ang kumakatawan sa bagong Kapanganakan. Ano ang kumakatawan sa natural na kapanganakan bago dumating ang bagong Kapanganakan? Kapag . . . Kayong mga ina, kapag ang isang sanggol ay ipinanganak, ano ang unang bagay? Tubig. Kasunod, dugo. Kasunod, kita n’yo, iyan ang gumagawa sa buhay, kita n’yo, gumagawa sa tao. Tubig, dugo, espiritu.

⁶² Ngayon, ang kanser, tayo’y mangusap tungkol sa kaniya para sa ating susunod. Mayroon tayong mga limang minutong nalalabi, palagay ko. Sa susunod na mga limang minuto, tayo’y mangusap tugkol sa kanser. Ano ba ang bagay na iyan? Ano ang kaniyang ikinakatawan? Siya’y isang kumakain ng bulok. Ikinakatawan niya ang buwitre, kumakain ng mga bagay na patay. At ang kanser ay galing mula sa pasa, karamihan, kung saan ang isang selula ay nasaktan at ito—ito ay nasira. At ang isang maliit na selula roon ay naging hiwalay. Oh, iyan malaking salita para sa isang Baptist, hindi ba ito? Tama, ngunit ito ay nahihawalay, ang selulang iyan. Ako’y isang Baptist na naniniwala sa pagkawalay.

⁶³ Mayroong nagsabi, dito sa isang pagtitipon sa Arkansas ng isang araw, sabi, “Kapatid na Branham,” sabi. . . Ito ay isang lalaki na Nazarene. Siya ay napagaling. Taglay niya ang kaniyang. . . Naglalakad sa kabayanan, pasan ang kaniyang mga saklay sa kaniyang balikat. Sabi niya, “Alam mo kung ano?” Sabi, “Nang ako’y unang pumarito,” sabi, “Ako—akala ko ikaw. . . narinig kang mangaral, akala ko ikaw ay isang Nazarene.” Sabi niya, “Pagkatapos nakita ko na karamihan sa mga tao ay mga Pentekostal, at may nagsabi sa akin na ikaw ay Pentekostal. At ngayon sinasabi mo na ikaw ay isang Baptist.” Sabi, “Hindi ko ito maunawaan.”

⁶⁴ Sabi ko, “Oh, iya’y madali.” Sabi ko, “ako’y isang Pentekostal Nazarene Baptist.” Kaya iya’y—iya’y tama. Tama. Hindi, tayo ay iisa kay Cristo Jesus, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ginagawa tayong iisa. Iya’y tama.

⁶⁵ Ngayon, pansinin, ang maliit na selulang ito na nahiwalay nang ito’y malamog. Ito’y nagsisimulang maliit. Ang ibang maliliit na mga mikrobyo ay pumupunta upang ibigay ang buhay ng mga ito roon. At iyan ang pinagmulan ng nana sa sugat. Ang mga napakaliliit na mga kawal nakikipagbaka para sa inyong buhay. Sila’y pumupunta roon at—at sinasapol ang lason na iyan, silang mga demonyong kapangyarihan na nagsikap—nagsisikap na magtipon doon, at ibigay ang kanilang buhay. Iyan ang gumagawa. . . Iyan. . . Sila’y isang lupon ng maliliit na mga kawal na patay, ang nanang iyan na nasa inyong dugo. . . na nasa—nasa sugat, na ibinibigay ang kanilang buhay upang iligtas ang sa inyo.

⁶⁶ Ngayon, kapag ang isang maliit na selula ay tinanggihan doon at ang demonyong ito ay nagpasimula, siya’y magpapasimulang lumaki, siya’y magpapasimulang magparami ng selula. Siya’y nagtatayo ng isang katawan sadyang eksaktong katulad ng inyong mga sanggol na nagpapasimula sa inyong sinapupunan, at tulad ng inyong ginawa sa inyong ina. Selula sa ibabaw ng selula, selula sa ibabaw ng selula, selula, sa ano mang paraan, kahit saan; lamang, wala silang anyo ng anoman na tulad ng isang tao, ayon sa kalikasan nito. Ito’y mula lamang sa isang espiritu. Ito’y lumalaki lamang kahit papaano, at magsisimula ng selula sa ibabaw ng selula, selula sa ibabaw ng selula.

⁶⁷ At ngayon, ang unang bagay alam n’yo, kayo’y magsisimulang manghina at magkasakit. Paroroon kayo sa doktor at susuriin niya kayo. Marahil ay hindi niya makita ito. Kung makita niya, maaaring alisin niya ito. Kung maaalis niya ito ng maayos, mabuti, nakuha ninyo ito. Ngunit kung hindi niya maalís ito ng mayos, kung gayon kung ito’y nasa lalamunan o kahit saan man kung saan ito ay hindi maaring alisin ng maayos, isang maliliit na bagay nito magpapatuloy na mabubuhay. Kita n’yo, dahil ito ay hindi tulad ng pagputol

ninyo sa inyong kamay at mahihinto ito, o anomang bagay, o pinutol ninyo. . . Ang ibig kong sabihin, kung inyong naalis ang kabuuang katawan, at iwanan ang inyong kamay doon, aba, ito’y hindi mabubuhay. Ngunit—ngunit, kita n’yo, iyan ay walang anyo ng buhay tulad ng mayroon kayo. Ito’y isang kapangyarihang demonyo na kumikilos.

⁶⁸ At ngayon pansinin, tinatawag ninyo silang, ang doktor ay tinatawag itong, isang “kanser.” Tinatawag ito ng Diyos na isang “diyablo.” Tingnan ngayon. Nakukuha lamang nila ito . . . Saan nanggaling ang salitang *kanser*? Ito’y nanggaling mula sa . . . mula sa isang salitang Latin na ginamit sa mga terminong medikal, na nangangahulugang isang “alimango,” isang alimango na nakikita ninyo sa gilid ng dagat, mayroon lahat niyaong mga paa. Iyon ang paraan na—na ginagawa nito, ito ay umaabot, kumakalat. Ang salitang kanser ay alimango. At ito ay pumapasok at sadyang patuloy na kumakapit at sinisipsip ang dugo habang ito’y nagpapatuloy, tulad ng pugita o ibang bagay. Bakit, ang isang tumor, katarata, at ibang mga sakit, bawat isa sa kanila ay galing sa isang mikrobyo, at ang mikrobyong iyan ay dapat na maging katawan. At bago ito maging isang katawan, ito ay dapat na maging isang buhay. Bago ito makapaglikha o—o magkabuhay at gumawa ng marami pang mga selula, ito ay dapat na maging buhay. Iyan ba’y tama? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Ngayon, saan nagmula ang kanser na iyan? Sino, saan iyan nagmula? Wala pa ito sa inyo noon, ngunit ngayon marahil ito’y nasa inyo. Saan ito nagmula? Ito’y ibang buhay kakaiba sa inyong buhay, namumuhay sa inyo. At ito’y nagpapahirap, pinapanghina ang inyong buhay. Iyan ang dahilan na tinawag siya ni Jesus na “isang diyablo.”

⁶⁹ Tinatawag nilang epilepsi ngayon, sinasabi nila, “epilepsi.” Bakit, epilepsi, sa Biblia, tinawag ni Jesus ito na “isang diyablo.” Nang ang lalaki ay lumapit kasama ang bata na bumagsak sa lupa, at bumula ang bibig, at lahat ng bagay, sabi niya, “Siya ay mayroong diyablo, at madalas inihahagis siya sa apoy, sa tubig.”

⁷⁰ Ngayon pinaganda nila ang kaniyang pangalan at tinawag itong epilepsi, ngunit siya’y isang diyablo. At sabi ni Jesus, “Ikaw diyablo, lumabas ka sa bata!” Eksakto. Ngayon, epilepsi kadalasan ay dulot ng sakit sa bato. Marahil tutungo kayo diyan mamaya-maya. Kita n’yo? Ito’y nagdudulot ng isang epilepsi, mula sa problema sa pag-ih.

⁷¹ Ngayon, pansinin dito, pagkatapos ang selulang iyan ay mananatili roon, ito’y isang diyablo. Siya’y nagtatayo ng isang buhay; siya’y lumalaki, nagiging mas malaki at mas malaki. Siya’y mayroong isang tungkuling dapat gawin, iya’y kunin ang inyong buhay. Iyan ang dahilan ng pagkakasugo sa kaniya ng Diyablo, upang paiksiin ang inyong mga araw ng animnapu at sampu.

⁷² Ngayon, sinasaluduhan ko ang bawat doktor. Oo, ginoo. Bawat medikal na siyensiya, pagpalain sila ng Diyos para sa tulong na nagawa nila para sa mga tao. Iya'y tama. Anong gagawin ninyo sa sanglibutan ngayon kung wala ito? Pinasasalamat ko ang Diyos para sa medikal na siyensiya. Pinasasalamat ko ang Diyos para sa aking kotse. Kung hindi pinahintulutan ng Diyos ang siyensiya na gawan ako ng isang kotse, mahihirapan akong maglakad papunta dito. Para sa mga ilaw na di-koryente, at para sa sabon upang hugasan ang aking mga kamay, at tutpeyst upang is-i-san ang aking mga ngipin, totoo. Piasasalamat ko Siya sa lahat ng bagay, dahil lahat ng mabubuting bagay ay nagmumula sa Diyos.

⁷³ Ngunit hayaang sabihin ko sa inyo, walang ni isa mang medisina na kailanman ay nakapagpagaling ng anomang karamdaman. At walang isa mang doktor, wala liban kung siya'y isang huwad, ngunit ang isang tunay na doktor ay sasabihin sa inyo na hindi nila inaangkin na mga tagapag-pagaling. Doon mismo sa Magkakapatid na Mayo, marami sa inyo... ako ay kinapanayam doon, dalawa o tatlong beses. Sa mga pasyente na nanggaling doon, walang lunas... Nabasa ninyo ang *Reader's Digest*, ang pang-Nobyembreng paksa? Ilan ang nakabasa sa pang-Nobyembreng paksa, ang artikulong iyan tungkol sa akin doon, sa *Reader's Digest*? Kita n'yo? At dinala nila ako roon, ang panayam tungkol sa sanggol na kanilang tinanggihan. Sabi, "Hindi ito maaaring mangyari." Ngunit ang Banal na Espritu ay nangusap sa akin at sinabi sa akin kung papaano ito naganap, at ito ay naganap. Tama. Ngayon, tinawag nila ako roon. At doon mismo sa may pintuan kung saan si Jimmy at sila, si Mayo ay kadalasang naroon, mayroong isang napakalaking karatula sabi, "Hindi namin pinahahayag na mga tagapag-pagaling. Pinapahayag lamang namin na tumutulong sa kalikasan. Mayroong iisang Tagapag-pagaling, iyan ang Diyos." Sila ang pinaka magaling sa buong mundo. Ngayon, mayroon tayong ilang mga huwad, oo. Iya'y tama. Mayroon tayong ilang huwad na mga mangangaral, din. Tama. Kaya, iyan ay tumutukoy sa magkabilang panig.

⁷⁴ Pansinin, ngunit sinomang tao na nag-aangkin na siya'y isang tagapag-pagaling, siya'y isang sinungaling, dahil hindi niya magagawa iyon. Sapagkat sabi ng Biblia, "Ako ang Panginoon Na nagpapatawad ng lahat ng inyong mga kasalanan at nagpapagaling ng lahat ng inyong mga karamdaman."

⁷⁵ Galing na ako sa mga pag-aaral. At sa aking silid, ang... ilan sa mga pinaka magaling na mga doktor mula sa mga bansa ay dumating. Hindi ninyo alam ang kinapapalooban ng buhay, kaibigan, upang malaman kung ano ang nakaraan, at mga bagay na hindi ko sinasabi sa publiko. Mga kalalakihan ay lumalapit ng lihim. At huwag ninyong isipin na walang maraming mga Nikodemo pa rin sa sanglibutan; tunay namayroon, libu-libo

sa kanila. Titingin sila roon at dadalo sa pagtitipon. Uupo roon na nakasuot ng Kamiseta, bagay na tulad niyan, na may magandang mga pangalan na kayo ay magugulat, uupo roon mismo sa pagtitipon. Sa ilang mga araw liligid at tatawag ng lihim, at magpapadala ng sinoman para sa isang pakikipanayam. At sabihing ngayon mismo, sasabihin, “Kapatid na Branham, naniniwala ako na Iyan ay Katotohanan.” Sila’y taong tulad lamang natin. Totoo. At bawat tao ay naghahangad na tumingin sa kabila ng madilim na tabing na iyan doon na kaniyang tutunguhin balang araw.

⁷⁶ Ngunit yaong mga kanser at mga bagay na ito ay talagang mga diyablo nabuo sa isang katawan ng laman, kumikilos, kinukuha ang inyong buhay.

⁷⁷ Ngayon, kung gagawin ko na tulad sa doktor, kung magagawa kong alisin ito, ilagay ito sa lupa. . . O, tulad lamang, sabihing, halimbawa, kayo ay isang kanser, mismo, sa lupang ito. Ngayon, narito ang Banal na pagpapagaling. Kung gusto kong alisin kayo sa paraan ng isang doktor, ipagpapatuloy ko lamang. . . kukuskusin lamang ang inyong katawan, o ibang bagay, hanggang sa ito’y maglaho sa lupa. Wala ng matitira pang anoman dito, tulad lamang ng doktor inaalis ang bukol mula sa inyo. Ngunit sa anyo ng Banal na pagpapagaling, kung kayo ay isang kanser, tatawagin ko lamang ang buhay ninyo palabas sa inyo, at kayo’y magpapatuloy. Ang inyong buhay ay iiwan kayo, ngunit ang inyong katawan ay mananatili rito gaya lamang ng dati.

⁷⁸ Ngayon, doon kung saan ang paningin at panahon ay ang pinakamalalang kaaway ng Diyos sa Banal na pagpapagaling. Hindi ko alam kung si Kapatid na Baxter ay napaako sa mga bagay na ito sa pagtitipon. Uupo ako, ipaliwanag ito sa kaniya at kay Kapatid na Bosworth, paulit-ulit. Ngunit heto ang nangyari. Nangangamba ako kung marami sa mga tao ay nauunawaan ito, dahil, pagkalipas ng ilang sandali, makikita ninyo ang mga tao na bumabalik nagsasabi, “gumaling ako, Kapatid na Branham, sa loob ng dalawa o tatlong araw, ngunit, pagpalain ang Diyos, ito’y—ito’y iniwan ako.” At nasumpungan ko ito, at palagay ko ito’y dahil hindi nila inilagay ang pagtitipon ng tama. Hindi nauunawaan ng mga tao. Nagkaroon ako ng mga kalalakihan na lumapit sa akin sa entablado at lubos na bulag, mga kanser, o mga katarata sa kanilang mga mata, at basahin ang Bibliang ito pagkatapos na maipanalangin, bababa; sa loob ng tatlo o apat na araw ay kasing bulag pa rin sila na tulad ng sa unang pagkakataon. Anong nangyari? Sino man ay nakakaalam na kapag ang buhay ay lumabas sa ano mang laman, ito’y umuurong panandali. Iyan ba’y tama?

⁷⁹ Mayroon na ba, rito, ang pumatay ng isang usa, o isang baka, o anomang bagay tulad niyan? Tiyak. Tama. Timbangin ninyo ito ngayong gabi, kayong mga mangangaso na narito, mga kaibigan

ko. Patayin ninyo ang usa at ilagay ninyo siya sa timbangan, sabihin sa mga kalalakihan kung ilan ang kaniyang timbang. Masdan! Sa kinaumagahan siya'y magiging mas-magaan ng ilang libra kaysa kung ano siya nang una. Kapag ang isang tao ay namatay, ang tagapangasiwa, ang unang bagay, ay aalisin ang pustiso o ang mata, maging ano man ang naroon, aalisin ito; dahil, ito'y umuuring, itutulak nito palabas dahil ang katawan ng tao ay umuuring. Bawat ibang laman ay umuuring. Kapag ang buhay ay lumisan mula sa selula, magsisimula itong humupa, umuuring. Magaganap iyan sa mga halos pitongpu't dalawang oras. At pagkatapos ito'y magsisimulang mamaga. Pabayaang ang maliit na aso na masagasaan, dito sa may kalsada. Hayaan siyang mabilad sa araw ng mga tatlong araw, at masdan kung ano ang mangyayari. Siya'y mas malaking aso kaysa nang una. Ito'y mamamaga. Iyan ba'y tama? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.]

⁸⁰ Buweno, ganyan ding bagay ang nangyayari kapag ang isang-isang demonyo lumayas mula sa taong maysakit. Ang unang ilang araw, "Oh, maganda ang pakiramdam ko." Pagkatapos magsimulang magsabi, "Ako'y—ako'y mas malala kaysa sa aking—kaysa dating kalagayan. Nawala ko ang aking kagalingan." Sadyang kasing tiyak na ang pananampalataya ang nag-alis nito, ibinabalik itong muli ng kawalan ng pananampalataya. Sa pagpatay ng pananampalataya dito, binubuhay ito ng kawalan ng pananampalataya. Sabi ni Jesus, "Kapag ang maruming espiritu ay lumabas mula sa isang tao, siya'y lalakad sa mga ilang na lugar at siya ay magbabalik na pabalik na kasamang pitong iba pang diyablo. At kung ang mabuting tao ng tahanan ay hindi tumatayo upang pag-ingatan ang pintuang iyan, siya'y papasok kaagad sa loob. At ang mabuting tao ng inyong tahanan ay ang inyong pananampalataya. Sabihin, "Lumayas ka!" Iyan nga.

⁸¹ Ngunit ngayon masdan ninyo ang pasiyente na gumaling, kalimitan, libang ito'y isang natatanging himala. Na, Banal na pagpapagaling at ang himala ay dalawang magkaibang mga bagay. Ang Banal na pagpapagaling, ay isang bagay; ang himala ay ibang bagay. Ngunit ang kalimitang takbo ng Banal na pagpapagaling, kapag ang maruming espiritu ay napalayas, isang kanser na diyablo, kapag iniwan nito ang tao, "Oh!" Ngayon, o sabihing kumuha tayo ng isang bagay para makita ninyo ng mas malinaw, sasabihin ko, ang katarata. Anong nangyayari kapag ang taong iyan. . . Kung inyong mapapansin ang isang bulag na tao. Aywan ko kung nagkaroon man ako dito o hindi, ganoon pa man, ang mga matang may katarata. Hahayaan ko silang tumayo ng ilang sandali. Bakit? Kaya ang pag-urong na iyan ay magpapasimulang mangyari. Pagsabihan silang bumalik, magpatotoo sa atin. "Oh, naku!" Nakakakita sila ng maayos. "Oh, naku! Sadyang, nakakakita ako ng mga

bagay! Oo! Ako . . .” Anong nangyayari? Ang Buhay ay umalis; ang katawan ng katarata ay umuurong. Buweno, gagawin iyan sa loob ng ilang araw. Sasabihin, “Oh, ako’y nagiging maayos.”

⁸² At pagkalipas ng ilang sandali, sila’y magsisimulang magkaroon ng sakit ng ulo, hindi maganda ang pakiramdam. Babangon kinaumagahan, “nawawala ko ang aking paningin muli.”

⁸³ Ilan sa kanila ay nagsabi, “Uh-huh, gawa-gawa n’yo lamang. Ang mga lupon ng mga holy-rollers na iyan nagawa kayong mag-akala.” Huwag ninyong paniniwalaan iyan! Iyan ay kasinungalingan ng Diyablo. Kung paniniwalaan ninyo iyan, mabubulag agad kayong muli.

Ngunit kung kayo’y manghahawakan lamang, sabihing, “Hindi. Panginoon, nananampalataya ako.”

⁸⁴ Pagkatapos anong mangyayari? Ang katawan na iyan ay mamamaga ng matagal. Tatakip ito sa paningin na iyan muli. Ang kanser na iyan sa katawan ay mamamaga. Masasaktan kayo at kikirot muli. Pagkatapos kayo’y magiging labis na malala, labis na malala. Bakit? Ang malaking bukol na iyan ng patay na laman sa inyo ay nakalagay doon, patay.

⁸⁵ Magbalik kayo, ang doktor at sasabihin niya, “Oh, iya’y kalokohan. Naroon ang kanser mismo roon. Nakikita ko iyon.” Totoo, naroon iyon, ngunit iyon ay patay na. Aleluyah!

⁸⁶ Ngayon, ang daluyan ng dugo ay kailangang dalisayin ang katawan. Sa tuwing ang puso ay pipintig, idadaloy nito ang dugo sa palibot ng katawan, at dadamputin nito ang impeksiyon na iyan. Totoo, gagawin kayo nitong malala. Ano kaya kung kayo ay mayroong isang tipak ng laman na nakabitin sa inyo kung saan, o kasing haba na gaya ng ahas, o isang bagay na malaki paikot gaya ng inyong daliri, at nakabitin doon, at iyon ay patay na, ang ganyan kalaking patay na laman na nakabitin sa inyo, at ito’y nabubulok? Buweno, siyempre, ang inyong daluyan ng dugo ay kailangang panatilihin iyan na dalisay, habang ito’y pumipintig. Ngunit mayroong patay na katawan, ang bagay ay nakabitin doon, dahil ang buhay ay lumabas na mula roon. Ang kapangyarihan ng Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya, pinalayas ito. Siya’y isang demonyo; dapat siyang umalis.

⁸⁷ Ngunit, ang dahilan, ang mga tao ay hindi naturan. Sila ay aalis, susuko. At ang diyablo ring iyan ay nakatayo roon mismo, upang pumasok muli. Kapag ang Diyos ay nagsabi sa inyo ng anomang bagay sa entablado ng ito, sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu, kapag nasa ilalim ng inspirasyon, huwag ninyong pag-alinlanganan iyan, o isang mas malalang bagay ang darating sa inyo, sabi Niya. Sapagkat sabi ni Jesus. “Ang huling kalagayan ng taong iyan ay pitong beses na mas malala kaysa sa una nitong kalagayan.” Iyan ba’y tama? Kapag ang maruming espiritu ay lumabas sa isang tao, siya ay lalakad palibot sa

mga ilang na lugar, babalik na may kasamang pitong iba pang diyablo. Kaya, huwag kayong mag-alinlangan. Manatili mismo Dito. Maging tapat dito, mula sa inyong puso. Sabihin, “Hindi, ginoo! Hindi ako matitinag! Gaano man ako maging kalala, iyan ay walang anomang kinalaman dito.” Kung gayon, ang unang bagay alam n’yo, kayo’y magiging maayos. Lahat ng bagay ay magiging maayos kung gayon. Kita n’yo, ito’y patay na. Ang—ang operasyon na maaring nakuha ng doktor sa inyo, ang siya ring bukol na iyan ay nananatili sa inyo, na walang buhay dito.

⁸⁸ Sasabihin ninyo, “Buhay doon, Kapatid na Branham, kukunin ba nito ang buhay ko?” Hindi, ginoo. Ang buhay na iyan ay isang hiwalay na buhay mula sa inyong buhay. Kapapakita ko pa lang sa inyo na kayo ay isang buhay at naging tao, at ito’y isang buhay at naging isang katauhan; at kayo’y sa Diyos, at ito’y sa Diyablo. Nakita n’yo ang ibig kong sabihin? Demonolohiya. Ngayon, dapat ninyong makita kung ano ang hitsura ng bagay na iyan kapag kayo ay tumayo at tumingin dito.

⁸⁹ Oh, naku, pagpaumahanin ako, ito’y halos alas tres-imedya na. Pagpaumahanin ako. Tingnan, mga kaibigan. Oh, kung ano ang kailangan ng sanglibutang ito!

⁹⁰ Ako’y halos pitong taon nang, nagtuturo sa buong Amerika, ginagawa ang mga gawaing pagpapagaling na ito. Nagkaroon lamang ako ng isang magandang pagkaunawa upang magsimulang muli sa buong bansa, itinuturo ang Biblia, at sa demonolohiya, kung papaano mauunawaan ng mga tao kung ano ang gagawin. At iyan ang dahilan, sila ay dumadalo sa mga pagtitipong ito, kadalasan, at, kaibigan. . . Kung hindi ninyo maunawaan, ang mga tao ay lumalabas, at kadalasan. . .

Ngayon, alalahanin ang taong iyon na dumating at nagsabi na siya ay may kaloob ng Banal na pagpapagaling? Ang kaloob ng Banal na pagpapagaling ay nasa inyo kung kayo ay gumaling. Ito’y kayo, ang isa. Ano mang kaloob ay pinakikilos ng pananampalataya. At kahit gaano man kalaki ng kaloob ng Banal na pagpapagaling ang mayroon ako, naniniwala ako ng buong puso ko, ngunit kayo’y makakatayo dito at, kung kayo ay wala ng gayon ding uri ng pananampalataya, walang anomang kabutihang magagawa ito sa inyo. Makakapanalangin ako para sa inyo, ng maraming oras at mga linggo at mga buwan. Ito’y hindi ang mga mangangaral na mayroong Banal na pagpapagaling. Ito’y kayo na taglay ang kaloob ng Banal na pagpapagaling, na nananampalataya na napagaling, dahil ito’y sa pananampalataya. Sa pananampalataya! Bawat pagkilos ng Diyos ay sa pananampalataya.

⁹¹ Ang buong kagayakan ng Diyos ay sa pananampalataya. Wala tayong isa mang likas na bagay ng sanglibutang ito. Lahat ng bagay ng isang—isang iglesyang Cristiyano ay isang pagkilos ng pananampalataya. Tumingin sa kagayakan ng Diyos,

pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, mahabang pagpapahinuhod, kabutihan, kaamuhan, kagandahang-loob, pagtitiis. Iyan ba'y tama? Lahat ng bagay ay supernatural, walang natural. Kaya hindi tayo tumitingin sa mga bagay na natural, dahil tayo'y pinapakilos ng supernatural. At ang tanging paraan na ating maibabase ito, ay pananampalataya, ay sa kung ano ang sinabi ng Diyos na Katotohanan, at tayo tumitingin sa Di-nakikita. At tinatawag natin ang mga bagay na iyon na wala, na para bang sila ay naroon; tulad ng ginawa ni Abraham, at nakamtan ito. Amen! Tinawag ni Abraham ang mga bagay na iyon na wala, tulad ng ginawa ng Diyos, na para bang naroon. Bilang isang daang taong gulang, hindi nag-alinlangan sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng kawalang-pananampalataya.

⁹² Nakikini-kinita ko lamang iyon, hindi ba ninyo nakikinita? Nakita si Sarah na bumangon isang umaga. Sabi ng Diyos, "Abraham!" Sabi, "Abraham, makakamtan mo ang sanggol."

⁹³ Si Sarah ay bumangon. Sasabihin, "Kumusta ang pakiramdam mo, Sarah?" Ito ay isang magkakahalong mga tao, ngunit makinig.

"Walang pagkakaiba."

⁹⁴ "Buweno, luwalhati sa Diyos, makakamtan natin ito! Humayo ka kunin ang lampin at ang mga aspili, at lahat ng bagay. Maghanda ka."

Buweno, lumipas ang isang buwan. "Sarah, kumusta ang pakiramdam mo?"

"Walang pagkakaiba."

Lumipas ang taon. "Sarah, kumusta na ito?"

"Walang pagkakaiba."

Lumipas ang sampung taon. "Walang pagkakaiba."

Lumipas ang dalawampung limang taon. "Walang pagkakaiba."

⁹⁵ Si Abraham, sa halip na manghina, siya'y lalong lumakas at lumakas. Alam niya na ito'y magiging higit na himala sa lahat ng pagkakataon, dahil sumampalataya siya sa Diyos, at siya ay hindi nag-alinlangan sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng kawalang-pananampalataya. Sabi niya, "Makakamtan natin ito!" At isang umaga ang sinapupunan ni Sarah ay nagsimulang lumaki, at ang munting Isaac ay ipinanganak, dahil si Abraham ay sumampalataya sa Diyos. At siya ay tumingin sa mga bagay, at itinuring ang mga bagay na iyon na wala na para bang sila ay naroon.

⁹⁶ Hindi sa pakiramdam, hindi sa paningin. Hindi kayo lumalakad sa pamamagitan ng pakiramdam o paningin. Ito'y sa pananampalataya. At kapag ang Diyos ay nangusap ng anomang bagay, sabi, "Ano mang bagay na inyong hilingin, kapag kayo

ay nanalangin, sampalatayanan na inyo na itong natanggap,” pagkatapos manghawakan dito. Sinabi ng Diyos ang gayon, iyon ay magiging gayon! Amen. Mga demonyo!

Manampalataya sa Ama, manampalataya sa Anak,
Manampalatay sa Espiritu Santo, tatlo na naging Isa;
Ang Demonyo ay mangangatog, ang makasalanan ay magigising;
Manampalataya kay Jehova, lhat ng bagay ay mauugaa.

Iya’y tama. Oh, naku! Tunay na gayon nga. Manampalataya sa Diyos. Tumingin sa Kaniya. Huwag kayong matinag. Manatili mismo roon. Sinabi ng Diyos ang gayon!

⁹⁷ At, mga demonyo, ano sila? Sila’y mga espirituwal na nilalang. Ngayon, ang—ang doktor ay nagsasabing, “Mayroon kang kanser. Mayroon kang TB. Mayroon kang katarata. Mayroon kang pluerisy. Mayroon ka *nito*.” Ito’y isang diyablo. Ito’y isang buhay, at sa likuran ng buhay na iyan ay isang espiritu. Ilan ang nakakaalam at nakakakita na ang isang kanser, katarata, ito’y mayroong—ito’y mayroong. . . Ito’y isang espiritu, mayroong—mayroong buhay dito. Buweno, walang bagay na magkakaroon ng buhay kung walang espiritu, nakita ninyo, kaya kailangang magkaroon ng buhay upang pakilusin iyan, kung saan.

⁹⁸ Maging ang punong kahoy na iyon doon ay mayroong buhay sa loob nito. Lahat ng siyensiya sa mundo ay hindi makagagawa ng isang dahon ng damo. Alam ba ninyo iyan? Gumagawa sila ng isang bagay na kahawig nito, ngunit hindi nila makita ang pormula ng buhay. Iya’y ang Diyos. Kita n’yo? Sinabi ni Jesus sa punong kahoy, “Sumpain ka. Wala kang anomang bunga, at hindi ka na magkakaroon kahit ano.” Nagdaan sila pabalik doon. Iyon ay mga ika-walo ng umagang yaon. Nagdaan pabalik ng mga ika-labing isa, habang sila ay patungo upang mananghali. Sabi ni Pedro, “Tingnan n’yo ang punong kahoy na iyan, ito’y patay na mula sa ugat pataas.” Bakit? Sinaway ni Jesus ang buhay na nasa punong kahoy, na nasa mga ugat, at ang buong bagay ay namatay. Aleluyah!

⁹⁹ Ang siya ring Cristo na iyan ay masasaway ang isang kanser mula sa mga ugat, at ang buong bagay ay mamamatay. Ang punong kahoy na iyon ay nakatayo roon na gaya ng dati, ilang oras bago iyon, ngunit nasumpungan ninyo ang mga dahon ay nagsimulang malagas, at pagkatapos ang balat ay nagsimulang matuklap. At ang. . . Nagsimulang malanta, araw-araw, at linggo-linggo, at ‘di nagtagal wala nang ano pa mang natira sa punong kahoy na iyon. Aleluyah! Ang kanser, tumor, katarata, o ano pa mang ibang bagay, ay kailangang mawala

kapag si Cristo ay nangusap. Nagpalayas Siya ng mga diyablo. At sabi Niya, “Sa Aking Pangalan sila ay magpapalayas ng mga diyablo, magsasalita ng bagong wika, magsisihawak ng mga ahas, o uminom ng mga bagay na nakamamatay, hindi makakasakit sa kanila. Kung kanilang ipapatong ang kanilang mga kamay sa may sakit, sila ay gagaling.”

¹⁰⁰ Mahal n’yo ba Siya? Pagpaumanhinan ako pinanatili ko kayo ng isang oras ngayong hapon, na nakaupo rito. Mahal ba ninyo ang Panginoon? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Anong mangyayari ngayon? Kung tatanggapin ninyo si Cristo bilang inyong tagapag-pagaling, at mananampalataya sa inyong puso na may bagay na nangyari sa inyo, At kayo’y nanampalataya na kayo’y pinagaling, sasampalatayanan ba ninyo na kayo’y pinagaling? Huwag hayaan ang Diyablo na mag-giit ng ano mang iba pang bagay sa inyo. Magpatuloy lamang.

“Doktor,” sabihing—sabihing, “doktor, ano ang kalagayan?”

Sabi niya, “Bakit, iyon ay naroon pa rin.”

¹⁰¹ Sa inyong puso alam ninyo, alam ninyo kung ano ang nangyari. Huh! Unang bagay alam n’yo, sabihing, “Sabihing, nakapagtataka kung ano ang nangyari sa bagay na iyan?”

¹⁰² Pagkaraa’y sinabi, “Tingnan mo, doktor, sasabihin ko sa iyo. Heto ang nangyari, si Jesus Cristo ay pinagaling ako. Iya’y tama. Si Jesus Cristo ay pinagaling ako.”

¹⁰³ Mabuti, iyuko natin ang ating mga ulo sandali. Kapatid na Willett, maaari ka bang pumarito sandali, kapatid?

¹⁰⁴ Ngayon, Makalangit na Ama, kami’y nagpapasalamat para sa Dugo ni Cristo. At marahil minsan na ang Iyong lingkod, Panginoon, hindi gumagamit ng karunungan, sa pagsasalita ng mahaba. Ngunit marahil nararamdaman ko tulad ni Pablo, na nangaral buong magdamag isang gabi. Isang munting lalaki ay nahulog mula sa bintana at namatay. At ang apostol na iyon, taglay ang Salita ng Diyos sa kaniyang buhay, pumaroon at idinantay ang kaniyang katawan sa binata, ang buhay ay pumasok sa kaniya at siya ay nabuhay muli.

¹⁰⁵ Mahal naming Diyos, napagtanto ko na ang paglubog ng araw ng sibilisasyon na ito ay papalubog na ngayon, matagal ng lumpipas, ang katanghalian ay lumpipas na, ang mga lilim ng gabi ay bumabagsak na. Dakilang Liwanag ay sumisikat mula sa Kaharian ng Diyos, upang kunin ang lugar nito sa lubos na kadilimang ito na dumarating sa lupa. Diyos, napagtanto ko na ako’y tumatanda sa bawat araw. Pahayuin ako, Panginoon. Bigyan Mo ako ng kalakasan. Tulungan Mo akong sabihin ang dakilang Katotohanan na ito kahit saan. Tulungan Mo kami, bukas ng hapon, upang aming maunawaan pa ng higit.

¹⁰⁶ At, mahal naming Diyos, pagpalain ang munting taga-pakinig na ito ngayong hapon. Mamayang gabi, kapag sila'y nagtipon para sa gawaing pagpapagaling, nawa'y bawat lalaki at bawat babae ay pumaroon sa isa't-isa at mangusap, at nagsasabing, "Ngayon, narito ang . . . huwag—huwag nang mag-alinlangan pa. Nalalaman na natin kung saan ito nagmumula ngayon. Alam natin na ito ay isang diyablo. At alam natin na kapag siya ay umalis, siya ay kailanang sumunod sa utos ng Diyos. Dapat niyang gawin. Tapos nang sabihin ng Diyos. Siya'y kailangang umalis." Kung gayon, nawa sila'y aalis, na masaya, nagagalak, na inaangkin ang kanilang kagalingan. Walang bagay, huwag hayaan ang ano mang bagay na humadlang sa kanilang daan, ano pa man; magpatuloy lamang, na sumasampalataya.

¹⁰⁷ At, Diyos, nawa ang munting iglesyang ito rito, at ang mga nakikipagkaisang mga iglesyang ito, ay magkaroon ng rebaybal pagkatapos ng pagtitipong ito, Panginoon, na magpapatuloy lamang dito, at maraming daan-daang mga kaluluwa ang madala sa Kaharian ng Diyos. Ipagkaloob ito, Ama. Nawa ang mga kalalakihan at mga kababaihan dito, mula sa ibang mga bansa at ibang mga lugar, nawa'y dalhin nila ang Mensahe pabalik sa kanilang mga iglesya, at nawa sila ay magkaroon ng isang sinaunang rebaybal. Ipagkaloob ito, Panginoon. Patawarin mo kami sa aming mga kasalanan ngayon. Tulungan Mo kami na maging Iyong mga lingkod. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

¹⁰⁸ Naisip ko, habang kayo'y nakaupo rito, mayroon bang makasalanan sa loob ng gusali ngayon, na magsasabi, "Kapatid na Branham, alalahanin mo ako sa panalangin"? Maaari ba ninyong, maaari ba ninyong itaas ang inyong kamay? Mayroon bang makasalanan na tao? Hindi ko . . . Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Mayroon pa? Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Ikaw, at ikaw, at ikaw, pagpalain kayo ng Diyos. Aywan ko kung kayo . . . Ngayon, ito ay sa inyo.

¹⁰⁹ Kita n'yo, hindi ako naniniwala sa pagbabalik sa mga taga-pakinig. Hindi ko pinupuna ang iba na gumagawa niyan. Hindi ko pinaniniwalaan ang pagpunta sa mga tagapakinig at sikaping hilahin ang sinoman. Kita n'yo? "Walang sino mang makakalapit, maliban ang Ama Na naglapit sa kaniya. Kita n'yo? Iya'y tama. Hinatak n'yo lamang siya papunta roon na labag sa kaniyang kalooban. Kita n'yo? Ngunit kung ang Diyos ay kumakatok sa inyong puso, kayo ang pinakadakilang tao na may prebilehiyo sa sanglibutan. Hindi lamang ninyo alam kung gaano karaming mga tao ang nakausap ko.



Demonolohiya – Pisikal Na Kalalagayan
Hunyo 8, 1953, Lunes ng Hapon
Roberts Park Amphitheater, Connerville, Indiana

Demonolohiya – Relihiyosong Kalalagayan
Hunyo 9, 1953, Martes ng Hapon
Roberts Park Amphitheater, Connerville, Indiana

Mga Espiritung Mapanghikayat
Hulyo 24, 1955, Linggo ng Umaga
Branham Tabernacle, Jeffersonville, Indiana

Ang mga Mensaheng ito ay ipinangaral ni Kapatid na William Marrion Branham. Sa pagkakakalap ng mas maliwanag at mas kumpletong mga orihinal na teyp, ang aklat na ito ay inayos muli batay sa pangkasalukuyang ayos. Bawat pagsisikap ay ginawa upang tamang-tamang mailipat ang berbal na Mensahe mula sa magnetikong teyp rekording tungo sa nakalimbag na pahina, at nailathala rito na walang bawas ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©1998 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org